



---

**URI NG PATAKARAN**

**Departmental**

**PASILIDAD:**

**Shore Rehabilitation Institute**

**PAMAGAT NG PATAKARAN:**

**Financial Assistance Policy & Billing/Collection Policy  
(Financial Assistance Policy at Patakaran sa Billing/Pangongolekta)**

**PETSANG MAY BISA: 06/05/2018**

**BINAGONG PETA: 06/05/2018**

---

### **Financial Assistance Policy (Patakaran sa Pinansiyal na Tulong)**

#### **I. LAYUNIN:**

Ang **Shore Rehabilitation Institute** (SRI) ay may paanagutan sa pagkakaloob ng pinakamataas na kalidad na mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan sa ating mga komunidad at nagsisikap para matiyak na ang lahat ng mga pasyente ay nakakatanggap ng mga kinakailangang mahalagang serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan anuman ang kanilang kakayahan para makabayad.

#### **II. PATAKARAN:**

Ang Financial Assistance Policy ("FAP") na ito ay babalangkad sa mga Financial Assistance Policy at mga pamamalakad para sa SRI. Alinsunod sa FAP na ito, ang SRI ay may pananagutan na magkaloob ng pinansiyal na tulong sa mga indibiduwal na may mga pangangailangan sa pangangalaga ng kalusugan at walang insurance, kulang ang insurance, hindi karapat-dapat, o dili kaya'y hindi kayang bayaran ang mga kinakailangang medikal na serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan batay sa kanilang indibiduwal na pinansiyal na situwasyon.

Ang SRI ay magkakaloob, nang walang diskriminasyon, ng pag-aalaga para sa mga medikal na kondisyon sa mga indibiduwal anuman ang kanilang kakayahang magbayad.

Ang pinansiyal na tulong ay available lang para sa mga kinakailangang medikal na serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan. Dagdag dito, hindi lahat ng mga ipinagkakaloob na serbisyo sa loob ng mga pasilidad ng SRI ay mula sa mga empleyado ng SRI at samakatuwid, hindi masasakop sa ilalim ng FAP na ito. Mangyari lang sumangguni sa Apendiks A para sa listahan ng mga tagapagkaloob ng serbisyo (provider) na nagbibigay ng mga kinakailangang serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan sa loob ng pasilidad ng SRI. Tinitiyak sa apendiks na ito ang mga specialty na hindi sakop sa ilalim ng FAP na ito. Ang listahan ay babalik-aralan tuwing tatlong buwan at ia-update, kung kinakailangan.

#### **III. MGA PALIWANAG:**

Para sa layunin ng FAP na ito, ang mga tuntunin sa ibaba ay ipinapaliwanag ayon sa mga sumusunod:



*Amounts Generally Billed ("AGB") o Mga Halagang Karaniwang Sinisingil:* Alinsunod sa Internal Revenue Code Section 501(r)(5), sa kaganapan ng isang kinakailangang medikal na pag-aalaga, ang mga karapat-dapat sa FAP na pasyente ay hindi sisingilin ng mas mahal kumpara sa isang indibiduwal na may insurance na may pagkakasakop sa nasabing pag-aalaga.

*Porsiyento ng AGB:* Ang porsiyento ng mga gross na halaga ng singilin na ginagamit ng mga Rehabilitation hospital para matiyak ang AGB para sa mga kinakailangang medikal na pag-aalaga na ipinagkakaloob nito sa isang indibiduwal na karapat-dapat para sa tulong sa ilalim ng FAP.

*Kriterya sa Pagiging Karapat-dapat:* Ang kriterya ay itinakda sa FAP na ito (at sinusupportahan ng pamamaraan) na ginamit para tiyakin kung ang isang pasyente ay kuwalipikado o hindi para sa pinansiyal na tulong.

*Extraordinary Collection Actions ("ECAs") o Mga Kilos ng Di Pangkaraniwang Pangongoleta:* Ang lahat ng mga legal o pang-hukom na proseso, kabilang na, ngunit hindi limitado sa, pangongolekta ng suweldo sa ngalan ng iba, pagpapataw ng mga lien sa mga ari-arian at pag-uulat sa mga credit agency. Kabilang sa mga ECA ang pagbebenta mga utang ng isang indibiduwal sa iba pang partido, mga demanda, mga lien sa mga tirahan, mga pagkaka-aresto, mga mismong pagkukuha sa taong hindi sumipot sa isang subpoena o body attachment, o iba pang mga katulad na proseso sa pangongolekta.

*Pinansiyal na Tulong:* Ang opisyal na tulong na ibinibigay sa isang tao o organisasyon sa anyo ng pera, mga utang, pagbabawas sa buwis, atbp. Bilang pag-aalinsunod sa FAP na ito, ang pinansiyal na tulong ay nagbibigay sa pasyente ng diskuwento para sa kinakailangang medikal na pag-aalaga sa kalusugan kung nakakatugon sila sa itinatag na kriterya at napagpasyahang karapat-dapat.

*Mga Gross na Halaga ng Singilin:* Ang ganap na naitatag na presyo ng Shore Rehabilitation Institutes para sa medikal na pag-aalaga na hindi nagbabago-bago at pantay-pantay ang singil sa mga pasyente bago ipataw sa anumang mga allowance, diskuwento o pagbabawas na halaga ayon sa kontrata.

*Mga medikal na serbisyong kinakailangan:* Ang mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan na maaaring maipagkaloob ng isang doktor, ayon sa kaniyang maingat na klinikal na pagpapasya, sa isang pasyente sa layunin ng pagtatasa, pagkikilala sa sakit o paggamot sa isang sakit, pinsala, karamdaman o mga sintomas nito, at ang mga ito ay: (a) alinsunod sa karaniwang tinatanggap na mga pamantayan sa medikal na propesyon; (b) angkop sa klinika, at (c) hindi para sa kaginhawahan ng pasyente.

*Panahon ng Pagbibigay ng Abiso:* 120 na takdang panahon, na mag-uumpisa sa petsa ng unang post-discharge billing statement, kung saan walang mga ECA ang maaaring umpisahan sa pasyente.

*Plain Language Summary ("PLS"):* Isang nakasulat na pahayag na nagbibigay abiso sa isang indibiduwal na ang SRI ay naghahandog ng pinansiyal na tulong sa ilalim ng FAP na ito at



nagbibigay ng karagdagang impormasyon sa isang malinaw, detalyado at madaling maunawaang paraan.

*Walang insurance:* Ang pasyente ay walang antas ng insurance o tulong mula sa ikatlong partido para makatulong na matugunan ang kanilang mga obligasyon sa pagbabayad.

#### **IV. KRITERYA SA PAGIGING KARAPAT-DAPAT SA PINANSIYAL NA TULONG:**

Ang SRI ay naghahandog ng programa para sa pinansiyal na tulong para makatulong sa mga pasyenteng walang insurance. Ang programa sa pinansiyal na tulong na kabilang sa ibaba ay nagbibigay ng may diskuwentong rate para sa mga kinakailangang medikal na serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan sa mga indibiduwal kung sila ay nakakatugon sa kriteriya at napagpasyahan bilang karapat-dapat.

#### **Compassionate Care Program**

Ang Compassionate Care Program ng SRI ay available sa mga indibiduwal na may mga pangangailangan sa pag-aalaga ng kalusugan at walang insurance, o dili kaya'y hindi kayang bayaran ang mga kinakailangang medikal sa pag-aalaga ng kalusugan. Ang Compassionate Care Program.

#### **V. Mga Pamamaraan**

Kung sinasabi ng pasyente na wala siyang pagkakasakop sa insurance, hihilingin mula sa kanilang lumagda sa isang "attestation of no insurance" (atestasyon ng kawalan ng insurance). Dagdag pa dito, ipapaliwanag na kung sa susunod na pagkakataon na magkaloob sila ng insurance, hindi ito sisingilin para sa mga petsa ng serbisyo na natamo na sa ilalim ng Compassionate Care bialng mga referral at/o percent na hindi maaaring natamo at/o lumampas na ang mga limitasyon para sa nasa oras na pagsusumite. Ang mga panghinaharap na petsa ng serbisyo ay kailangang nakatugon sa lahat ng mga kahilingan para sa referral at/o percent na insurance bago makakapagpatuloy sa pagpapagamot.

Kapag ang isang pasyente ay may pagkakasakop sa insurance gayunman, ipinapakita sa beripikasyon na ang mga benepisyo ay naubos na o walang benepisyo para sa (mga) serbisyo na ipagkakaloob, hihilingin sa kanilang lumagda sa isang "notice of non-coverage (abiso ng kawalan ng pagkakasakop sa insurance), na nagpapahiwatig ng dahilan sa kawalan ng pagkakasakop sa insurance at pagtanggap sa personal na pananagutan. Tapos ay hahandugan ang mga pasyente ng Compassionate Care Programa para sa mga serbisyo na hindi sakop.

Kung hilingin ng pasyente na singilin ang insurance habang alam nito na ang serbisyo ay hindi sakop ng kanilang kasalukuyang package ng benepisyo, ipapaliwanag na kahit na ipinapakita sa pagtatanggi sa Explanation of Benefits (Pagpapaliwanag sa Mga Benepisyo) na hindi responsable ang pasyente, personal silang may pananagutan sanhi ng paunang abiso ng kawalang ng sakop sa insurance.



Ang isang indibiduwal na naturing na karapat-dapat para sa pinansiyal na tulong ay aabisuhan sa pamamagitan ng kasulatan sa isang nakakabuting pagpapasya. Alinsunod sa IRC §501(r) gagawin rin ng SRI ang:

- Magkaloob ng isang statement na nagpapahiwatig sa halagang kailangang bayaran ng karapat-dapat na indibiduwal sa FAP, kung paano natiyak ang halagang iyon at kung paano ang impormasyon hinggil sa AGB ay maaaring makuha, kung naaangkop;
- Isauli ang binayad sa anumang sobrang kabayaran na ginawa ng indibiduwal; at
- Makipagtrabaho kasama ng mga ikatlong partido na kumikilos sa ngalan ng SRI para gawin ang lahat ng mga makakatuwirang hakbang upang baliktarin ang anumang dating ginawang kilos ng mga ECA laban sa pasyente para makolekta ang utang.

## **VI. Batayan sa Pagkukuwenta ng Mga Halagang Siningil**

### **Shore Rehabilitation Institute – Compassionate Care Program**

Ang mga pasyenteng ng Shore Rehabilitation Institute na karapat-dapat para sa Compassionate Care Program ay magkakaroon rin ng pagbabawas sa kanilang self-pay (sariling babayaran) na mga balanse sa mas kaunti sa 115% ng rate ng pagsasauli ng bayad ng Medicare batay sa CMG para sa mga serbisyo sa inpatient at ang APC o mga fee schedule para sa therapy para sa mga serbisyo sa outpatient na siningil ng SRI o AGB (tulad nang nakabalangkas sa ibaba).

#### **AGB**

Alinsunod sa IRC §501(r)(5) SRI ay gumagamit ng Look-Back Method para kuwentahin ang AGB. Ang % ng AGB ay kinukuwenta taon-taon at batay sa lahat ng mga claim (paghahabol) na pinapahintulutan ng Medicare Fee-for-Service + lahat ng mga Pribadong Insurang Pangkalusugan sa loob ng 12 buwang panahon, na hinahati sa mga gross na singilin na kaugnay doon sa mga claim na iyon. Ang naaangkop na % ng AGB ay gagamitin sa mga gross na singilin para matiyak ang AGB. Ang mga porsiyento ng AGB para sa Shore Rehabilitation Institute ay ang sumusunod:

Shore Rehabilitation Institute: 69%

Sinumang indibiduwal na natiyak na karapat-dapat para sa pinansiyal na tulong sa ilalim ng FAP na ito ay hindi sisingilin ng higit sa AGB para sa anumang medikal na kinakailangang mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan. Sinumang indibiduwal na karapat-dapat para sa FAP ay parating sisingilin ng halagang mas mababa sa AGB o anumang diskuwento na available sa ilalim ng patakarang ito.



**VI. Malawakang Pag-publicize**

Ang FAP, Request for Compassionate Care Program at PLS ay available lahat on-line sa mga sumusunod na website:

<https://www.meridianhealth.com/location/shore-rehabilitation-institute/index.aspx>

Ang mga nakalimbag sa papel na kopya ng FAP, Request for Compassionate Care Program at PLS ay available kung hilingin nang walang bayad sa pamamagitan ng koreo at available sa iba't ibang area sa kabuuan ng mga pasilidad ng SRI. Kabilang dito, ngunit hindi limitado sa, area ng check-in para sa pagpaparehistro ng pasyente at sa Business Office.

Ang lahat ng mga pasyente ng SRI ay hahandugan ng kopya ng PLS bilang bahagi ng proseso ng pagtatanggap.

Ang mga karatula o display na nagbibigay impormasyon sa pasyente tungkol sa pagiging available ng pinansiyal na tulong ay maingat na ipapaskil sa mga pampublikong lokasyon.

Ang SRI ay magsisikap para ipagbigay-alam sa mga miyembro ng komunidad tungkol sa pagiging available ng pinansiyal na tulong sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa mga miyembro ng komunidad tungkol sa pagiging available ng pinansiyal na tulong sa mga event ng komunidad na isinasagawa sa kabuuan ng taon (hal. mga health fair, mga education session, atbp.)

Ang SRI, Application at PLS ng SRI ay available sa wikang Ingles at sa pangunahing wika ng mga populasyon na may limited proficiency in English ("LEP") o limitadong kahusayan sa Ingles na bumubuo sa mas kaunti sa 1,000 mga indibiduwal o 5% ng mga komunidad na pinaglilingkuran sa pangunahing area na pinagtatrabahuan ng SRI.

Ang SRI ay nagkakaloob ng libreng interpretation, mga serbisyo ng pagsasalin-wika at sign language para sa mga indibiduwal na LEP at mga pasyenteng bingi. Ang mga serbisyong ito ay available sa mga pasyente 24 oras, 7 araw sa isang linggo.

Hinihikayat namin ang mga pasyente na gumamit ng available na mga serbisyo sa interpretation para sa mahahalagang mga medikal na pag-uusap. Ang paggagamot sa pag-aalaga ng pasyente ay kinabibilangan ng mga katawagang medikal na maaaring mahirap maintinidhan sa anumang wika. Ang mga available na serbisyo ng interpretation sa buong Shore Rehabilitation Institute na kabilang ang interpretation sa telepono sa karamihang mga wika. Pagsasalin-wika ng mga kritikal na dokumento at materyal para sa edukasyon ng pasyente para sa mga karaniwang kondisyon ng pasyente ay handa rin makuha.

Kung kailangan ninyo ng interpreter, sign language interpreter o translator, mangyari lang makipag-ugnayan sa sinumang miyembro ng team ng SRI para makakuha ng tulong.



## **Patakaran sa Billing at Pangongolekta**

### **I. Layunin**

Para matiyak na ang lahat ng pamamalakad sa billing, credit at koleksyon ay nakakasunod sa lahat ng mga batas Pederal at Pang-estado, mga patnubay at patakaran ng regulasyon.

### **II. Patakaran**

Patarakan ng SRI na makasunod at maging wasto sa mga aktibidad ng billing at koleksyon. Ang layunin ng pagpupulong ay matugunan ang lahat ng kriterya sa patakarang ito na maaaring matamo sa pamamagitan ng pagsunod sa mga pamamaraang naitakda sa dokumentong ito. Ang kumpletong kooperasyon at pakikipagtulungan sa team ng Business Office, Finance, Information Systems at Vendor Management ay napakahalaga sa ating layunin.

### **III. Mga Pamamaraan**

Sa sandaling ang claim (paghahabol) ng pasyente ay naproseso na ng kanilang insurance, ang SRI ay magpapadala sa pasyente ng isang bill na nagpapahiwatig ng responsibilidad ng pasyente. Dagdag pa dito, kung ang pasyente ay walang sakop sa ikatlong partido, makakatanggap sila ng isang bill na nakapahiwatig ang kanilang responsibilidad bilang isang pasyente. Ito ay makikita sa unang post discharge billing statement ng pasyente. Ang petsa sa pahayag na ito ay magsisimula sa Mga Panahon ng Application at Pagbibigay Abiso (tinutukoy sa itaas).

Makalipas matanggap ng pasyente ang unang post discharge billing statement, ang SRI ay magpapadala ng 3 dagdag na mga statement (4 total na billing statement, sa 28 araw na mga pagitan) at 2 sulat.

Kung hindi natanggap ang bayad makalipas ang 4 na billing statement, ang SRI ay magpapadala ng isang sulat na nagsasabi sa pasyente sa kasulatan na ang account ay ipapadala sa collections kung hindi natanggap ang bayad sa loob ng 30 araw. Dagdag dito, kasama sa sulat ang mga ECA (tinukoy sa itaas) na maaaring maganap makalipas na naipasa sa collections ang account ng pasyente. Ang nakasulat na abiso ay may kabilang rin na kopya ng PLS.

Kapag naisauli ang mga billing invoice kung saan nakasaad na pumanaw na ang pasyente o hindi ito maihatid at wala nang ibang address na natagpuan, mangpunta sa pre-collect status para makakuha ng follow-up at pagpapatunay.

#### *Mga Pangongoleksyon*

Sa loob ng billing cycle, ang SRI ay maaaring magpadala ng mga account para paunang makolekta. Sa panahon na it, ang mga ikatlong partido na kumikilos sa ngalan ng SRI ay maaaring makipag-ugnayan sa mga pasyente sa pamamagitan ng telepono para kolektahin ang bayad. Walang mga ECA ang isasagawa laban sa pasyente habang ang account ay nasa ilalim ng pre-collection cycle.



Pagkatapos ng panahon ng pagbibigay-abiso, ipapadala ng SRI ang account ng pasyente sa collections. Ang mga pamamaraan ng mga collection agency para mangolekta ng mga bayad ay kinabibilangan ng mga tawag sa telepono, mga sulat at ilang mga ECA.

Kung pagkatapos ay hindi nagtagumpay ang mga collection agency (sa takdang panahon na di tatagal sa 180 araw) ang account ng pasyente ay isasauli sa SRI. Sa oras na naisauli ang account, ang collection agency ay may kasamang kumpletong mga dokumento ng kanilang mga aktibidad at natuklasan kapag nakausap na ang pasyente at pati na rin ang petsa nang ang account ang naisauli sa SRI.

#### **IV. Pag-aalinsunod sa IRC §501(r)(6)**

Alinsunod sa IRC §501(r)(6), ang SRI ay hindi sumasali sa anumang mga ECA bago ang expiration ng Panahon ng Pagbibigay-abiso.

Kasunod ng Panahon ng Pagbibigay-abiso, ang SRI, o sinumang ikatlong partido na kumikilos sa ngalan nito, ay maaaring magpasimula ng mga sumusunod na ECA laban sa pasyente para sa isang di nabayarang balanse kung ang pagpapasya sa pagiging karapat-dapat sa FAP ay hindi pa nagawa o kung ang indibiduwal ay di karapat-dapat para sa pinansiyal na tulong.

- Ang pag-uulat ng mga salungat na impormasyon tungkol sa indibiduwal sa mga consumer credit reporting agency o credit bureau;
- Pagpapataw ng lien sa ari-arian ng isang indibiduwal;
- Pagreremata sa ari-arian ng isang indibiduwal;
- Aktuwal na pagkukuha o biglang pagkuha ng bank account ng indibiduwal o iba pang personal na ari-arian;
- Pagsisimula ng opisyal na reklamo laban sa isang indibiduwal; at
- Hindi wastong pagdaragdag sa suweldo ng isang indibiduwal.

Maaaring pahintulutan ng SRI ang mga ikatlong partido na pasimulan ang mga ECA sa mga pabayang account ng pasyente makalipas ang Panahon ng Pagbibigay Abiso. Sisiguraduhin nilang nagawa ang mga makatuwirang pagsisikap para matiyak kung ang isang indibiduwal ay karapat-dapat para sa pinansiyal na tulong sa ilalim ng FAP na ito at gagawin ang mga sumusunod na kilos ng kahit man lang 30 araw bago pasimulan ang anumang ECA:

1. Ang pasyente ay bibigyan ng nakasulat na abiso na kung saan:
  - (a) Nakasaad na ang pinansiyal na tulong na maagamit ng mga karapat-dapat na pasyente;
  - (b) Kinikilala ang (mga) ECA na nilalayan ng SRI na pasimulan para makakuha ng bayad para sa pag-aalagang iyon; at
  - (c) Nagpapahiwatig ng huling takdang araw kung saan ang nasabing mga ECA ay maaaring pasimulan.
2. Ang pasyente ay nakatanggap ng kopya ng PLS kasama ng nakasulat na abisong ito; at



3. Makatuwirang mga pagsisikap na ginawa para abisuhan sa pamamagitan ng pagsasalita tungkol sa FAP at kung paano maaaring makakuha ng tulong ang indibiduwal na may pinansiyal na tulong sa proseso ng Application.

Ang SRI, at ang ikatlong partido na mga vendor na kumikilos sa ngalan nila, ay tatanggap at ipoproseso ang lahat ng mga Application para sa pinansiyal na tulong na magagamit sa ilalim ng patakarang ito na nai-sumite habang Panahon ng Application.

#### **Apendiks A:**

#### **Listahan ng Mga Tagapagkaloob ng serbisyo (provider) ng Shore Rehabilitation Institute**

Ang Financial Assistance Policyng SRI ay gagamitin sa Shore Rehabilitation Institute. Ang ilang mga doktor at iba pang mga tagapagkaloob ng serbisyo (provider) sa pangangalaga ng kalusugan na naglilingkod sa loob ng Shore Rehabilitation Institute ay hindi hihilingin na sumunod sa Financial Assistance Policyng ito.

Ang sumusunod ay isang listahan, ayon sa linya ng serbisyo, na nagkaloob ng mga kinakailangang medikal na serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan sa loob ng Shore Rehabilitation Institute.

#### **Listahan ng Mga Tagapagkaloob ng serbisyo (provider) na sakop sa ilalim ng Financial Assistance Policyng ito:**

- Ipagkaloob kung hilingin

#### **Listahan ng Mga Serbisyo na hindi sakop sa ilalim ng Financial Assistance Policyng ito:**

- Ipagkaloob kung hilingin